*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM

Ika-2 ng Hunyo, 2025

{ Ika-7 Lunes sa Panahon ng Pagkabuhay ng Panginoon }

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ay mamatay kasama ng PANGINOON,
Mabubuhay din tayong kasama ang PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ma'y nagtiis kasama ng PANGINOON,
Tayo ri'y maghahari kasama ng PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kalungkutan;
Nasa kanya ang lahat maging ating kagalakan.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kaligtasan;
Nasa kanya ang lahat maging ating pagmamahal.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay

At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Ang Panginoon ay inyong magiging liwanag magpakailanman; ang inyong Diyos ang inyong magiging kadakilaan, aleluya.

*Salmo 123*

*(Ang Panginoon, di-mabibigong pag-asa ng kanyang bayan)*

Ang aking pangmasid doon nakapukol,
Sa luklukang trono mo, O PANGINOON.
Tulad ko'y aliping ang inaasahan
Ay ang amo niya para matulungan.

Kaya walang humpay ang aming tiwala,
Hanggang ikaw, PANGINOON, sa ami'y maawa.
Mahabag ka sana, kami'y kaawaan,
Labis na ang hirap naming tinataglay.

Kami'y hinahamak ng mga mayaman,
Matagal na kaming laging inuuyam
Ng mapang-aliping palalo't mayabang.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang Panginoon ay inyong magiging liwanag magpakailanman; ang inyong Diyos ang inyong magiging kadakilaan, aleluya.

*Antipona 2*

Ang bitag ay giniba at tayo'y pinalaya, aleluya.

*Salmo 124*

*(Ang tulong natin ay sa ngalan ng PANGINOON)*

Ano kaya't di pumanig sa atin ang PANGINOON;
O Israel, ano kaya ang sagot sa gayong tanong?

Kung ang Diyos na PANGINOON, sa amin ay di pumanig,
Noong kami'y salakayin ng kaaway na malupit,
Maaaring kami noon ay nilulon na nang buhay
Sa silakbo ng damdamin at matinding kagalitan.

Maaaring kami noo'y natangay na niyong agos,
Naanod sa karagata't tuluy-tuloy na nalunod;
Sa lakas ng agos noo'y nalunod nga kaming lubos.

Tayo ay magpasalamat, ang PANGINOON ay papurihan,
Pagkat tayo'y iniligtas sa malupit na kaaway.
Ang katulad nati'y ibong sa bitag ay nakatakas;

Lubos tayong nakalaya nang ang bitag ay mawasak.
Tulong nating kailangan ay sa PANGINOON nagmumula,
Pagkat itong lupa't langit tanging siya ang lumikha.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang bitag ay giniba at tayo'y pinalaya, aleluya.

*Antipona 3*

Kapag ako'y naitaas na mula sa daigdig, aakitin ko ang mga tao sa aking piling, aleluya.

*Awit: Efeso 1:3-10*

Magpasalamat tayo sa Diyos
At Ama ng ating PANGINOONG Hesukristo!
Pinagkalooban niya tayo
Ng lahat ng pagpapalang espirituwal
Dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo.

At sa atin ngang pakikipag-isang ito;
Hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan
Upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya.

Dahil sa pag-ibig ng Diyos,
Tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya
Sa pamamagitan ni Hesukristo.

Iyan ang kanyang layunin at kalooban.
Purihin natin siya
Dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin
Sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

Tinubos tayo ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan
At sa gayo'y pinatawad na ang ating mga kasalanan.
Gayon kadakila ang pag-ibig na ipinadama niya sa atin.

Binigyan niya tayo ng karunungan at kabatiran
Upang lubos nating maunawaan
Ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan
Sa pamamagitan ni Kristo pagdating ng takdang panahon.

Ang panukalang ito ay pag-isahin kay Kristo
Ang lahat ng nasa langit at nasa lupa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Kapag ako'y naitaas na mula sa daigdig, aakitin ko ang mga tao sa aking piling, aleluya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Hebreo 8:lb-3a*

Tayo'y may Dakilang Saserdote, nakaupo sa kanan ng trono ng Kataas-taasan. Siya'y naglilingkod doon sa tunay na Dakong Banal, sa toldang hindi itinayo ng tao kundi ng PANGINOON. Tungkulin ng bawat dakilang saserdote ang maghandog ng mga kaloob at mga hain.

*Tugunan*

Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

Nang ang Panginoong muling nabuhay ay kanilang nakita,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Ang Espiritu ng Katotohanan ang paririto mula sa Ama, at magpapatotoo rin kayo tungkol sa akin, aleluya.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang Espiritu ng Katotohanan ang paririto mula sa Ama, at

magpapatotoo rin kayo tungkol sa akin, aleluya.

### Pangkalahatang Panalangin

Manalangin tayo kay Kristong Panginoon, na hinugasan ang sanlibutan sa kaluwalhatian sa pamamagitan ng kanyang pagkabuhay. Sambitin natin sa kanya ng may pusong maligaya:

— Kristong aming buhay, dinggin mo kami.

Panginoong Hesukristo, lumakad kang kasama ang iyong mga alagad sa daan,
mapasapiling ka nawa ng iyong Simbahan sa kanyang paglalakbay sa buhay.

— Kristong aming buhay, dinggin mo kami.

Huwag mong hayaang sa paniniwala kami'y maging mabagal,
kundi maging handang ipahayag ka na magtagumpay sa kamatayan.

— Kristong aming buhay, dinggin mo kami.

Tunghayang mabuti ang mga taong di pa nauunawaan ang iyong pakikipiling,
ipahayag mo ang iyong sarili sa kanila upang ikaw, bilang tagapagligtas, ay tanggapin.

— Kristong aming buhay, dinggin mo kami.

Sa pamamagitan ng krus, dulot sa sangkatauhan ay pagbabalik-loob sa iyong katawan,
pagkalooban ang lahat ng bansa ng pagkakaisa at kapayapaan.

— Kristong aming buhay, dinggin mo kami.

Hukom ng mga buhay at mga patay,
ang mga yumao ay patawarin mo sa kanilang mga kasalanan.

— Kristong aming buhay, dinggin mo kami.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo

Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Amang makapangyarihan,
ang amin nawang pagdiriwang
ng muling pagkabuhay ng Anak mong mahal
ay makatulong upang aming maranasan
ang bisa nito sa aming pamumuhay
sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS

EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*